

Patakarang sa Privacy (nalalapit sa lahat ng user ng Website at Mobile Application)

Nirebisa: Mayo 08, 2025

Iginagalang ng Toyota Motor Credit Corporation at mga affiliate at subsidiary nito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, Toyota Motor Insurance Services, Inc., Toyota Lease Trust, at Toyota Credit de Puerto Rico Corp., at/o ang mga kanya-kanya nitong subsidiary at assignee (sama-samang tinatawag na "TMCC") ang mga alalahanin mo tungkol sa privacy. Inilalarawan ng Patakarang sa Privacy na ito ang mga uri ng personal na impormasyong puwede naming kunin tungkol sa iyo sa pamamagitan ng anumang website na pinapagana ng TMCC at anumang interactive na feature, mobile device application, o iba pang serbisyong nagpo-post ng link ng Patakarang sa Privacy na ito, pati na anumang offline na aktibidad kung saan kami kumukuha ng impormasyon tungkol sa iyo (tinawatag na "Serbisyo" ang bawat isa, at "Mga Serbisyo" kapag sama-sama); paano namin posibleng gamitin ang impormasyon; kung kanino namin ito puwedeng ibahagi; at mga opsyong available sa iyo tungkol sa paggamit namin sa impormasyon. Inilalarawan din namin ang mga ginagawa naming hakbang para protektahan ang seguridad ng impormasyon at kung paano mo kami makokontak tungkol sa mga kasanayan namin sa privacy.

Mag-click sa isa sa mga link sa ibaba para pumunta sa nakalistang seksyon:

[Impormasyong Kinukuha Namin](#)

[Paano Namin Ginagamit ang Impormasyong Kinukuha Namin](#)

[Mga Serbisyo sa Analytics ng Third-Party](#)

[Paano at Kailan Namin, ang TMCC, gagamitin ang data ng geolocation ng nakakonektang sasakyan para sa servicing.](#)

[Paano at Kailan Namin, ang TMCC, gagamitin ang data ng geolocation ng nakakonektang sasakyan para sa End of Lease servicing.](#)

[Impormasyong Ibinabahagi Namin](#)

[Mga Karapatan at Opsyon Mo](#)

[Paano Kami Nagpoprotekta ng Personal na Impormasyon](#)

[Privacy ng Mga Bata](#)

[Mga Link ng Mga Serbisyo at Feature ng Third-Party](#)

[Mga Update sa Aming Patakarang sa Privacy](#)

[Paano Makikipag-ugnayan sa Amin](#)

[Pahayag sa Privacy sa California](#)

Impormasyong Kinukuha Namin

Kabilang sa mga uri ng personal na impormasyong puwede naming kunin sa pamamagitan ng paggamit mo sa Mga Serbisyo ang mga sumusunod:

- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan, gaya ng pangalan, mailing address, zip code, email address, at numero ng telepono;
- Impormasyong kailangan para irehistro at i-log in ang iyong Online Account, gaya ng Online Account number, password, vehicle identification number, numero ng Social Security, numero ng telepono, username, at email address;
- Impormasyong natanggap namin mula sa iyo sa mga aplikasyon para sa credit o iba pang form, gaya ng iyong mga asset at kita;
- Impormasyong natanggap namin mula sa iyo tungkol sa mga transaksyon mo sa amin, o mula sa aming mga affiliate o iba pa (ayon sa pinapahintulutan ng batas), gaya ng balanse ng account mo, aktibidad ng account, pagbili, at history ng pagbabayad;
- Data ng geolocation, kabilang ang mula sa (mga) mobile device o sasakyan mo, nang may pahintulot mo;
- Impormasyon tungkol sa paggamit mo ng Mga Serbisyo; at
- Iba pang impormasyong pinili mong ibigay sa amin.

Kapag ginamit mo ang aming Mga Serbisyo, puwede kaming kumuha ng ilang partikular na impormasyon sa pamamagitan ng mga naka-automate na paraan, gaya ng mga cookie, web beacon, web server log, naka-embed na script, browser fingerprinting, teknolohiya sa pagkilala, at iba pang katulad na teknolohiya. Ang “cookie” ay isang text file na ipinapadala ng mga website sa computer o iba pang device ng bisita na nakakonekta sa internet para tukuyin ang browser ng bisita sa natatanging paraan o para mag-store ng mga impormasyon o setting sa browser. Ang “web beacon,” na tinatawag ding internet tag, pixel tag, o clear GIF, ay nagli-link ng mga web page sa mga web server at cookie at puwedeng gamitin para mag-transmit ng impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng mga cookie pabalik sa isang web server. Ang impormasyong kinokolekta namin sa ganitong paraan ay puwedeng kinabibilangan ng IP address ng iyong device, Internet Service Provider, natatanging device identifier, mga katangian ng web browser (kabilang ang uri at bersyon), system font, mga katangian ng device (kabilang ang platform, bersyon, at mga setting ng device (hal., Wi-Fi, Bluetooth, GPS)), operating system, mga plug-in, mga system font, mga kagustuhan sa wika, mga URL ng nagre-refer na page/exit page, clickstream data, mga pagbisita sa page, at mga petsa, oras, at tagal ng mga pagbisita sa website.

Puwede naming gamitin ang naka-automate na teknolohiyang ito para mangolekta ng impormasyon tungkol sa iyong equipment, mga aksyon sa pag-browse, at mga pattern ng paggamit. Nakakatulong sa amin ang mga teknolohiyang ito na (1) tandaan ang

impormasyon mo para hindi mo na ito kailangan pang ilagay ulit; (2) subaybayan at maunawaan kung paano mo ginagamit at paano ka nakikipag-ugnayan sa aming Mga Serbisyo; (3) iakma ang Mga Serbisyo ayon sa mga kagustuhan mo; (4) sukatin ang pagiging kapaki-pakinabang ng aming Mga Serbisyo at ang bisa ng aming mga komunikasyon; at (5) pamahalaan at pahusayin ang aming Mga Serbisyo.

Puwedeng nakasaad sa browser mo kung paano maaabisuhan tungkol sa ilang partikular na uri ng naka-automate na teknolohiya sa pangongolekta at kung paano lilimitahan o idi-disable ang mga ito. Gayunpaman, pakitandaan na kung wala ang mga teknolohiyang ito, posibleng hindi mo magamit ang lahat ng feature ng aming Mga Serbisyo. Para sa mga mobile device, posible mong mapamahalaan kung paano magbabahagi ang iyong device at browser ng ilang partikular na data ng device sa pamamagitan ng pag-adjust sa mga setting ng privacy at seguridad sa iyong mobile device.

Paano Namin Ginagamit ang Impormasyong Kinukuha Namin

Puwede naming gamitin ang personal na impormasyong nakuha namin sa pamamagitan ng paggamit mo ng Mga Serbisyo para:

- Iproseso ang mga aplikasyon at credit approval ng customer, kabilang ang pagsasagawa ng customer at credit risk modeling;
- Pamahalaan at pangasiwaan ang mga account ng customer, kabilang ang pag-link ng mga account ng customer sa iba pang online account kung saan kami may ugnayang pangnegosyo;
- I-personalize ang iyong karanasan sa aming Mga Serbisyo at alok;
- Makipag-ugnayan sa iyo, kabilang ang pagsagot sa mga hiling mong impormasyon at mga tanong;
- Pamahalaan ang mga komunikasyon namin sa iyo (kabilang ang mga kagustuhan mo sa notification sa email);
- I-advertise at i-market ang aming mga produkto at serbisyo, at ang mga produkto at serbisyo ng iba (kapwa mga affiliate at hindi affiliate);
- Maibigay, mapatakbo, at ma-maintain ang aming negosyo, mga produkto, at mga serbisyo (kabilang ang Mga Serbisyo at mga interactive na feature ng mga ito);
- Magbigay ng suporta sa customer at dealer, at mapamahalaan ang ugnayan;
- Suriin, tasahin, at pahusayin ang aming negosyo (kabilang ang pag-develop ng mga bagong produkto at serbisyo; pagsusuri sa mga third-party na vendor at service provider; pag-optimize, pag-maintain, pagpapahusay, at pagsubaybay sa paggamit sa aming Mga Serbisyo; pagsasagawa ng data analytics, kategorisasyon, desisyon, at pananaliksik sa merkado; at pagsasagawa ng billing, pagbabayad, pagtupad, pinansyal na pag-uulat, accounting, auditing, at iba pang internal na paggana);

- Mapanatili at mapahusay ang kaligtasan at seguridad ng aming Mga Serbisyo, user, negosyo, produkto, at serbisyo, kabilang ang pagtukoy, pag-iwas, at pagtugon sa mga teknikal na isyung nauugnay sa aming Mga Serbisyo, at pag-iwas sa maling paggamit sa aming Mga Serbisyo;
- Gamitin ang aming mga karapatan at remedyo, protektahan at depensahan ang aming mga karapatan o property, magsagawa ng mga aktibidad sa pagkolekta at dumepensa laban sa mga legal na claim;
- Kontrahin, tukuyin, siyasatin, at maiwasan ang panloloko at iba pang kriminal na aktibidad, maling gawi, claim, at iba pang pananagutan; at
- Sundin, i-audit, at ipatupad ang mga nalalapat na kinakailangan at obligasyon sa batas at pagsunod, mga nauugnay na pamantayan ng industriya, at mga patakaran at proseso ng TMCC, kabilang ang Patakaran sa Privacy na ito, ang aming [Online na Kasunduan sa Mga Serbisyo ng Account](#), at [Online na Mga Tuntunin ng Paggamit](#).

Puwede rin naming gamitin ang impormasyon sa iba pang paraan kung saan magbibigay kami ng partikular na abiso kapag mangongolekta na.

Mga Serbisyo sa Analytics ng Third-Party

Puwede kaming gumamit ng mga serbisyo sa Analytics ng third-party sa pamamagitan ng aming Mga Serbisyo, gaya ng Google Analytics at Adobe Analytics. Puwedeng ibahagi o kolektahin nang direkta ng mga serbisyong ito ang impormasyong kinukuha namin sa pamamagitan ng Mga Serbisyo. Para alamin ang higit pa tungkol sa Google Analytics, pakibisita ang <https://www.google.com/policies/privacy/partners/>. Para alamin ang higit pa tungkol sa Adobe Analytics, pakibisita ang <https://www.adobe.com/privacy.html>.

Mga Pangkalahatang Mekanismo sa Pag-opt Out

Hindi kami nakikisangkot sa mga “pagbebenta,” o “pagbabahagi,” o “naka-target na pag-advertise” ayon sa pakahulugan ng mga naaangkop na batas sa mga terminong iyon, at samakatuwid, hindi nakikilala ng mga website na pinapatakbo ng TMCC ang Global Privacy Control (“GPC”) signal. Para sa higit pang impormasyon at para mag-download at gumamit ng browser na sumusuporta sa signal sa browser ng GPC, mag-click dito: <https://globalprivacycontrol.org/orgs>. Kung pipiliin mong gamitin ang signal ng GPC, kakailanganin mo itong i-on para sa bawat sinusuportahang browser o extension ng browser na ginagamit mo.

May ilang internet browser na may feature na “Do Not Track” na nagbibigay ng signal sa mga binibisita mong website na ayaw mong ma-track ang aktibidad mo online. Dahil walang iisang paraan para ipaalam ng mga browser ang signal na “Do Not Track,” sa kasalukuyan, ang mga website na pinapatakbo ng TMCC ay hindi nagbibigay-kahulugan, sumasagot, o nagbabago ng mga kasanayan nila/nito kapag nakatanggap sila/ito ng mga signal na “Do Not Track.”

Paano at Kailan Gagamitin ng TMCC ang Data ng Geolocation ng Nakakonektang Sasakyan para sa Servicing.

Bilang iyong lienholder/lessor, puwedeng utusan ng Toyota Motor Credit Corporation ("TMCC") ang Toyota Motor North America (TMNA) na hanapin ang iyong sasakyan dahil sa (1) pinaghihinalaang panloloko o (2) paglabag sa iyong lease, kontrata sa retail installment, loan ng sasakyan sa TMCC. Puwedeng subukan ng TMNA na hanapin ang iyong sasakyan at ibahagi ang lokasyong iyon sa TMCC. Kakailanganin ng TMCC na direktang kontakin ang TMNA para makuha ang impormasyon tungkol sa lokasyon ng sasakyan.

Paano at Kailan Gagamitin ng TMCC ang Data ng Geolocation ng Nakakonektang Sasakyan para sa End Of Lease Servicing.

Para matiyak na tumpak na mare-record ang lease return mo, at maayos na maa-update ang iyong account, uutusan ng TMCC ang Toyota Motor North America (TMNA) na hanapin ang naka-lease na sasakyan at ibahagi ang lokasyon nito kapag may abiso ng lease vehicle return.

Impormasyong Ibinabahagi Namin

Puwede naming ibahagi ang impormasyong kinukuha namin tungkol sa iyo sa aming mga affiliate, gaya ng aming parent, mga subsidiary, at iba pang affiliated na kumpanya sa Toyota corporate group. Posibleng kasama sa mga kumpanyang ito ang iba pang kumpanya ng pinansyal na serbisyo (hal., Toyota Financial Savings Bank, Toyota Motor Insurance Services, Inc.) at mga kumpanyang hindi pampinansyal na serbisyo (hal., Toyota Motor Sales U.S.A., Inc., mga awtorisadong Toyota at Lexus dealership at iba pang dealership kung saan kami may ugnayang pangnegosyo, mga independent na dealership marketing association ng Toyota at Lexus, mga pribadong distributor ng Toyota, mga hindi affiliate na third party na humihingi ng impormasyon tungkol sa iyong account, at mga hindi affiliate na third party na puwedeng magbenta ng data mo sa aggregate o sama-samang paraan para sa mga layunin ng automotive marketing) na may kinalaman sa distribusyon, marketing, at pagbebenta ng mga automobile (gaya ng mga auto manufacturer, auto distributor, at dealership marketing association).

Puwede rin naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga kumpanya (kabilang ang iba pang kumpanya ng mga pinansyal na serbisyo) na nag-aalok ng mga katulad na produkto at serbisyo sa amin, at sa mga pinansyal na institusyon kung saan kami may mga joint na kasunduan sa marketing. Bilang karagdagan, puwede naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga kumpanya ng social media at teknolohiya. Puwede rin naming ibahagi ang impormasyong kinukuha namin tungkol sa iyo sa mga service provider na nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, gaya ng website hosting, data analytics, pamamahala ng account, pagpoproseso ng bayad, paniningil ng utang, marketing, advertising, at iba pang serbisyo. Hindi namin pinapayagan ang aming mga service provider na gamitin o ibahagi ang impormasyon

maliban kung kailangan para maisagawa ang mga serbisyo para sa amin o para makasunod sa mga legal na kinakailangan.

Puwede rin kaming magbahagi ng personal na impormasyon (1) kung kailangan namin itong gawin dahil sa batas o legal na proseso (gaya ng utos ng korte o subpoena); (2) bilang tugon sa mga kahilingan ng mga ahensya ng pamahalaan, gaya ng mga awtoridad na tagapagpatupad ng batas; (3) para ilatag, gamitin, o ipagtanggol ang aming mga legal na karapatan; (4) kung sa tingin namin ay kailangan o nararapat ang pagbabahagi para maiwasan ang pisikal na panganib o iba pang panganib o pinansyal na pagkalugi; (5) kaugnay ng isang imbestigasyon ng pinaghihinalaan o aktuwal na ilegal na aktibidad; o (6) kapag may pahintulot mo.

Hindi kami nagpoproseso ng personal na impormasyon para sa naka-target na advertising.

Hindi kami nagbebenta o nagbabahagi ng personal na impormasyon kapalit ng pagsasaalang-alang sa pera.

May karapatan kaming ilipat ang anumang personal na impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo kung sakaling ibebenta o ililipat namin (o kung pag-iisipan naming ibenta o ilipat) ang lahat o bahagi ng aming negosyo o mga asset (kabilang ang pagkakaroon ng merger, acquisition, joint venture, reorganisasyon, divestiture, dissolution, o liquidation).

Ang Iyong Mga Karapatan sa Privacy at Mga Karagdagang Disclosure

May mga iniaalok kami sa iyong ilang partikular na opsyon kaugnay ng personal na impormasyong kinokolekta namin mula o tungkol sa iyo. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga opsyon sa privacy na puwedeng available sa iyo, puwede kang sumangguni sa Patakaran sa Privacy ng customer na ipinadala sa iyo sa mail, puwede mong basahin ang tab na Privacy Ko sa ilalim ng seksyong Profile Ko sa aming website, o puwede kang tumawag sa amin sa 1-888-717-9248, 1-800-255-8713, o alinman sa mga sumusunod na numero, ayon sa naaangkop: 1-800-874-8822 (Toyota Financial Services), 1-800-874-7050 (Lexus Financial Services), 1-866-693-2332 (Mazda Financial Services), 1-800-228-8559 (Toyota Motor Insurance Services, Inc.), o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.).

Kung gusto mong mag-unsubscribe mula sa anumang pampromosyong email o text message na ipinapadala namin sa iyo, pakisunod ang mga tagubilin sa pag-unsubscribe na nasa bawat naturang komunikasyon.

Depende kung saang estado ka nakatira, posibleng mayroon kang ilang partikular na karapatan kaugnay ng iyong personal na data. Pakitandaan na ang personal na impormasyong kinokolekta kaugnay ng ilang partikular na Serbisyong nakukuha mo para sa personal, pampamilya, o pangsambahayang paggamit, kabilang ang iyong personal na account sa TMCC, ay hindi napapailalim sa mga kinakailangan ng mga batas na ito sa privacy dahil ang naturang mga data ay protektado na sa ilalim ng mga kasalukuyang pederal na batas sa privacy, kabilang ang Gramm-Leach-Bliley Act.

Pakitingnan ang GLBA Privacy Policy ng TMCC para sa higit pang impormasyon tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy kaugnay ng naturang data.

Kung isa kang residente ng California, para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa privacy, pakitingnan ang **Pahayag sa Privacy sa California** ng Patakaran sa Privacy na ito. Para sa mga residente ng iba pang estado, posibleng kasama sa iyong mga karapatan sa privacy (kung naaangkop):

- Ang karapatang kumpirmahin kung pinoproseso ba namin o hindi ang iyong personal na data at i-access ang naturang personal na data at ang mga kategorya ng personal na data na pinoproseso o naproseso namin;
- Ang karapatang kumuha ng kopya ng iyong personal na data na kinolekta namin mula at/o tungkol sa iyo sa isang format na portable at, hangga't posible sa teknikal na paraan, madaling magamit, na magbibigay-daan sa iyong i-transmit ang impormasyon sa ibang controller nang walang balakid, kung saan isinasagawa ang pagpoproseso sa naka-automate na paraan;
- Ang karapatan, ayon sa desisyon namin, na kumuha ng listahan ng mga partikular na third party, maliban sa mga likas na tao, kung kanino namin inihayag ang iyong personal na data o ang anumang personal na data;
- Ang karapatang kumuha ng listahan ng mga kategorya ng mga third party kung kanino namin inihayag ang iyong personal na data;
- Ang karapatang i-delete ang personal na data na kinolekta namin mula at/o tungkol sa iyo, alinsunod sa ilang partikular na eksepsiyon;
- Ang karapatang itama ang maling personal na data na mayroon kami tungkol sa iyo, alinsunod sa ilang partikular na eksepsiyon;
- Ang karapatan, kung naaangkop, na mag-opt out sa pagpoproseso ng iyong personal na data para sa mga layunin ng (1) naka-target na pag-advertise; (2) “pagbebenta” ng iyong personal na data (ayon sa pakahulugan ng naaangkop na batas sa terminong iyon); at (3) pag-profile sa pagsusulong ng mga desisyong lumilikha ng mga legal o kasinghalagang epekto kaugnay mo;
- Kung aatasan kami ng naaangkop na batas na hingin ang pahintulot mo para makapagproseso ng sensitibong personal na data, ang karapatang bawiin ang pahintulot mo; at
- Ang karapatang hindi makaranas ng diskriminasyon mula sa amin dahil sa paggamit sa mga karapatan mo sa privacy.

Para magamit mo ang iyong mga karapatan, ikaw o ang awtorisado mong agent ay puwedeng (1) humingi ng access sa, o pagtatama o pag-delete, ng iyong personal na

impormasyon, o puwede ninyong (2) iapela ang aming desisyon kaugnay ng kahilingang isinumite mo, sa mga sumusunod na paraan:

- Para sa Toyota Motor Insurance Services:

Sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://www.toyotafinancial.com/us/en/data-privacy-request.html>, <https://www.lexusfinancial.com/us/en/data-privacy-request.html>, o pagtawag sa 1-866-422-7220.

Paano Kami Nagpoprotekta ng Personal na Impormasyon

Nagpapanatili kami ng mga pang-administratibo, teknikal, at pisikal na proteksyong idinisenyo para protektahan ang personal na impormasyong ibinibigay mo laban sa hindi sinasadya, labag sa batas, o walang pahintulot na pag-access, pagsira, pagkawala, pagbabago, pagbabahagi, o paggamit.

Privacy ng Mga Bata

Idinisenyo ang aming Mga Serbisyo para sa isang pangkalahatang audience at hindi nakadirekta sa mga bata. Kaugnay ng aming mga online na Serbisyo, hindi namin sinasadya ang paghingi o pangongolekta ng personal na impormasyon online mula sa mga batang wala pang 13 taong gulang. Kung naniniwala kang nakapagbigay sa amin ng personal na impormasyon ang isang batang wala pang 13 taong gulang, mangyaring makipag-ugnayan sa amin ayon sa nakasaad sa seksyong [Paano Makikipag-ugnayan sa Amin](#) ng Patakaran sa Privacy.

Mga Link ng Mga Serbisyo at Feature ng Third-Party

Para sa kaginhawahan at kaalaman mo, puwedeng magbigay ang aming Mga Serbisyo ng mga link ng iba pang online na serbisyo, at puwedeng maglamang ang mga ito ng mga feature ng third-party gaya ng mga app, tool, widget, at plug-in. Puwedeng hiwalay mula sa amin ang paggana ng mga naturang online na serbisyo at feature ng third-party. Ang mga kasanayan sa privacy ng mga nauugnay na third party, kabilang ang mga detalye sa impormasyong puwede nilang kolektahin tungkol sa iyo, ay napapailalim sa mga pahayag sa privacy ng mga party na ito, na lubos naming iminumungkahi na basahin mo. Hangga't hindi pag-aari o kontrolado ng TMCC ang mga naka-link na online na serbisyo o feature ng third-party, hindi namin responsibilidad ang mga kasanayan sa impormasyon ng mga third party na ito.

Mga Update sa Aming Patakaran sa Privacy

Puwede naming i-update ang Patakaran sa Privacy na ito pana-panahon at nang walang paunang abiso sa iyo para ipakita ang mga pagbabago sa mga kasanayan namin sa personal na impormasyon. Isasaad namin sa itaas ng Abiso kung kailan ito pinakahuling na-update. Kung malalaki ang pagbabago, magbibigay kami ng abiso ng mga pagbabago sa aming website bago ilapat ang mga pagbabago.

Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Kung may mga tanong ka tungkol sa Patakaran sa Privacy na ito o sa aming mga kasanayan sa privacy, pakitawagan kami sa 1-888-717-9248 o sa alinman sa mga sumusunod na numero kung nalalapat: 1-800-874-8822 (Toyota Financial Services), 1-800-874-7050 (Lexus Financial Services), 1-866-693-2332 (Mazda Financial Services), 1-800-228-8559 (Toyota Motor Insurance Services), o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.) o email tfs_office_of_privacy@toyota.com.

PAHAYAG SA PRIVACY SA CALIFORNIA

Itong Pahayag sa Privacy sa California ("Pahayag") ay dagdag sa Patakaran sa Privacy ng TMCC. Tinutugunan ng Pahayag ang personal na impormasyong kinokolekta namin online at offline. Hindi nalalapat ang Pahayag na ito sa personnel, vendor o business-to-business na mga customer representative ng TMCC, o sa data ng customer o consumer na saklaw ng GLBA o FCRA.

Gumagamit ang Pahayag na ito ng ilang partikular na salitang may kahulugang kapareho ng nasa California Consumer Privacy Act of 2018, ayon sa pag-amyenda ng California Privacy Rights Act of 2020, at mga regulasyon sa pagpapatupad nito (samasamang tinatawag na "CCPA/CPRA").

1. Pangongolekta at Paggamit ng Personal na Impormasyon

Puwede kaming mangolekta (at posibleng nakapangolekta na kami sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Pahayag na ito) ng mga sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon tungkol sa iyo:

- **Mga Identifier:** mga identifier gaya ng tunay na pangalan, alias, postal address, numero ng telepono, email address, pangalan ng account
- **Mga natatanging personal na identifier** (identifier ng device; mga cookie, beacon, pixel tag, identifier ng mobile ad, o iba pang katulad na teknolohiya)
- **Online na Aktibidad:** Impormasyon ng aktibidad sa internet at iba pang electronic na network, kabilang ang, pero hindi limitado sa, history ng pag-browse, history ng paghahanap, at impormasyon tungkol sa interaksyon mo sa mga website, application, o advertisement. Puwede kaming gumamit (at posibleng nakagamit na kami sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Pahayag na ito) ng mga kategorya ng personal na impormasyong nakalista sa itaas para sa mga layuning nakalarawan sa Patakaran sa Privacy at para sa ilang partikular na layunin sa negosyo na tinukoy sa CCPA/CPRA, gaya ng:
 - Pagsasagawa ng mga serbisyo, kabilang ang pagme-maintain o pagseserbisyo sa mga account, pagbibigay ng serbisyo sa customer, pagpoproseso o pagkumpleto sa mga order at transaksyon, pag-verify sa

impormasyon ng customer, pagpoproseso sa mga pagbabayad, pagbibigay ng mga serbisyo sa financing, pagbibigay ng mga serbisyo ng analytics, pagbibigay ng storage, o pagbibigay ng mga katulad na serbisyo

- Pag-audit na nauugnay sa pagbibilang ng mga ad impression sa mga natatanging bisita, pag-verify sa positioning at kalidad ng mga ad impression, at pag-audit sa pagsunod
- Panandalian at pansamantalang paggamit, kabilang ang, pero hindi limitado sa, hindi naka-personalize na advertising na ipinakita bilang bahagi ng kasalukuyan mong interaksyon sa amin
- Pagtulong sa pagtiyak ng seguridad at integridad hanggang sa pagtiyak na ang paggamit sa iyong personal na impormasyon ay makatuwirang kinakailangan at naaayon para sa mga layuning ito
- Pag-debug para tumukoy at mag-ayos ng mga error na nakakaapekto sa kasalukuyang pinaplanong functionality
- Pagsasagawa ng internal na pananaliksik para sa teknolohikal na development at demonstration
- Pagsasagawa ng mga aktibidad para ma-verify o mapanatili ang kalidad o kaligtasan ng isang serbisyo o device na pag-aari, ginawa, ginawa para sa, o kontrolado namin, at para mapaganda, ma-upgrade, o mapahusay ang serbisyo o device na pag-aari, ginawa, ginawa para sa, o kontrolado namin. Pagbibigay ng mga serbisyo sa advertising at marketing, maliban para sa cross-context na behavioral advertising (na binanggit sa seksyong “Pagbebenta o Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon” ng Pahayag na ito)
- Data ng geolocation, kabilang ang mula sa (mga) mobile device o sasakyan mo

2. Pangongolekta at Paggamit ng Sensitibong Personal na Impormasyon

Hindi kami nangongolekta o gumagamit ng personal na impormasyon para humango ng mga katangian tungkol sa mga indibidwal (at hindi kami nangolekta o gumamit ng ganitong uri ng personal na impormasyon sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Pahayag na ito)

3. Mga Source ng Personal na Impormasyon

Sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Pahayag na ito, posibleng nakakuha kami ng personal na impormasyon tungkol sa iyo mula sa mga sumusunod na kategorya ng mga source:

- Direkta mula sa iyo
- Sa pamamagitan ng device mo
- Mga data broker
- Mga advertising network
- Mga social network
- Mga data analytics provider
- Mga database ng pamahalaan

4. Pagpapanatili ng Personal na Impormasyon

Nagpapanatili kami ng personal na impormasyon sa loob ng makatuwirang tagal ng panahong kinakailangan para maisakatuparan ang mga layuning nakabalangkas sa Patakaran sa Privacy na ito, maliban kung kinakailangan o pinapahintulutan ng nalalapat na batas ang mas mahabang panahon ng pagpapanatili, habang isinasaalang-alang ang mga nauugnay na statute of limitation at ang aming mga kinakailangan at patakaran sa pagpapanatili ng mga record.

5. Pagbebenta o Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon

Hindi kami nagbenta o nagbahagi ng Personal na Impormasyon sa loob ng labindalawang (12) buwan bago ang petsa ng Huling Update sa Patakaran sa Privacy na ito. Hindi kami sadyang nangongolekta, nagbebenta, o nagbabahagi ng Personal na Impormasyon ng mga consumer na wala pang 16 na taong gulang. Hindi kami nangongolekta o nagpoproseso ng sensitibong personal na impormasyon para humango ng mga katangian tungkol sa mga indibidwal.

6. Naka-target na Advertising

Hindi kami nagpoproseso ng personal na impormasyon para sa naka-target na advertising.

7. Pag-profile

Hindi kami sumasali pag-profile sa pagsusulong ng mga desisyong lumilikha ng mga legal o kasinghalagang epekto kaugnay mo.

8. Mga Pagbabahagi ng Personal na Impormasyon

Sa loob ng 12 buwan bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Pahayag na ito, posibleng naibahagi namin ang iyong personal na impormasyon sa ilang partikular na kategorya ng mga third party, ayon sa inilarawan sa ibaba.

Posibleng naibahagi namin ang mga sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon tungkol sa iyo para sa isang layuning pangnegosyo sa mga sumusunod na kategorya ng mga third party:

Kategorya ng Personal na Impormasyon	Kategorya ng Third Party
Mga identifier	· Mga affiliate namin · Mga service provider namin · Mga data analytics provider · Mga advertising network · Mga internet service provider · Mga operating system at platform · Mga entity ng pamahalaan · Mga social network
Online na Aktibidad	· Mga affiliate namin · Mga service provider namin · Mga data analytics provider · Mga advertising network · Mga internet service provider · Mga operating system at platform · Mga entity ng pamahalaan · Mga social network
Mga Natatanging Personal na Identifier	· Mga affiliate namin · Mga service provider namin · Mga data analytics provider · Mga advertising network · Mga internet service provider · Mga operating system at platform · Mga entity ng pamahalaan · Mga social network

9. Mga Karapatan sa Privacy sa California

Kung isa kang residente ng California, may mga sumusunod kang karapatan kaugnay ng Personal na Impormasyon mo:

- Ang karapatang malaman kung ano ang Personal na Impormasyong kinolekta namin tungkol sa iyo, kabilang ang mga kategorya ng Personal na Impormasyon, mga kategorya ng mga source kung saan namin kinolekta ang Personal na Impormasyon, ang pangnegosyo o pangkomersyal na layunin ng pangongolekta, pagbebenta, o pagbabahagi ng Personal na Impormasyon (kung naaangkop), ang mga kategorya ng mga third party kung kanino namin ibinabahagi ang Personal na Impormasyon (kung naaangkop), at mga partikular na piraso ng Personal na Impormasyon na nakolekta namin tungkol sa iyo;

- Ang karapatang i-delete ang Personal na Impormasyong kinolekta namin mula sa iyo, alinsunod sa ilang partikular na eksepsiyon;
- Ang karapatang itama ang mga maling Personal na Impormasyong mayroon kami tungkol sa iyo;
- Kung magbebenta o magbabahagi kami ng Personal na Impormasyon, ang karapatang mag-opt out sa pagbebenta o pagbabahagi;
- Kung gagamit o magbabahagi kami ng sensitibong Personal na Impormasyon para sa mga layunin maliban sa mga pinapayagan ng CCPA at mga regulasyon nito, ang karapatang limitahan ang aming paggamit o pagbabahagi; at
- Karapatang hindi makaranas ng diskriminasyon mula sa amin dahil sa paggamit sa mga karapatan sa privacy na ipinagkakaloob ng CCPA.

Paano Magsumite ng Kahilingan.

Ikaw o ang awtorisado mong agent ay puwedeng magsumite ng kahilingan sa pag-access, pagtatama, o pag-delete sa mga sumusunod na paraan:

- Para sa Toyota Motor Insurance Services:

Sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://www.toyotafinancial.com/us/en/data-privacy-request.html>, <https://www.lexusfinancial.com/us/en/data-privacy-request.html>, o pagtawag sa 1-866-422-7220.

Para sa mga awtorisadong agent, puwede naming hingiin ang nilagdaang pahintulot ng indibidwal na nagpapakitang awtorisado ng indibidwal ang agent na kumilos para sa indibidwal.

Para sa mga tanong o alalahanin tungkol sa aming mga patakaran at kasanayan sa privacy, mangyaring makipag-ugnayan sa amin ayon sa nakasaad sa "[Paano Makikipag-ugnayan sa Amin](#)".

Pag-verify sa Mga Kahilingan. Para makatulong na protektahan ang privacy at mapanatili ang seguridad mo, magsasagawa kami ng mga hakbang para i-verify ang pagkakakilanlan mo bago ka bigyan ng access sa iyong personal na impormasyon o bago sundin ang kahilingan mo. Kung hihilingin mong i-access, itama, o i-delete ang iyong personal na impormasyon, puwede kaming humingi sa iyo ng ilang partikular na impormasyon para kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan at/o para hanapin ang iyong personal na impormasyon sa aming mga record. Bukod pa rito, puwede namin hilingin sa iyo na pumirma ng isang deklarasyon, sa ilalim ng kaparusahan ng perjury, na ikaw ang indibidwal na nagmamay-ari ng personal na impormasyong paglalapatan ng kahilingan.

Karagdagang Impormasyon. Kung pipiliin mong gamitin ang alinman sa mga karapatan mo sa ilalim ng CCPA/CPRA, may karapatan kang hindi makaranas ng diskriminasyon mula sa amin. Hangga't pinapayagan ng nalalapat na batas, puwede kaming maningil ng makatuwirang halaga para masunod ang kahilingan mo.

Online na Mga Tuntunin ng Paggamit (nalalapat sa lahat ng user ng Website)

Availability ng Mga Produkto at Serbisyo. Naglalaman ang Website ng mga impormasyon tungkol sa aming mga produkto at pampromosyong programa. Hindi sa lahat ng hurisdiksyon available ang aming mga produkto at serbisyo. Pakitanong ang iyong lokal na kasaling dealer para sa impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo available sa iyong lugar.

1. Mga Karagdagang Tuntunin ng Paggamit at Mga Kondisyon. Bukod pa sa mga tuntuning nasa Mga Online na Patakarán at Kasunduan, puwedeng may mga karagdagang tuntunin ng paggamit at mga kondisyon sa mga partikular na page ng Website. Sa pamamagitan ng pag-click sa Tinatanggap ko sa Mga Online na Patakarán at Kasunduan, o sa pamamagitan ng paggamit ng Website, sumasang-ayon ka sa mga naturang karagdagang tuntunin ng paggamit.

2. Mga Pagkakamali at Pabayang Paggamit. Hindi kami mananagot para sa anumang pagkakamali o pabayang paggamit sa mga serbisyong iniaalok ng Website, kabilang ang mga error sa pag-input, pabayang pagtatago o pagbabahagi ng mga password, at pag-iwang nakabukas sa computer habang ina-aaccess ang Online na Aplikasyon para sa Credit o ang iyong Mga Online na Serbisyo ng Account ayon sa nakasaad sa Online na Kasunduan sa Mga Serbisyo ng Account.

3. Katumpakan ng Website. Bagama't ginagawa namin ang lahat ng makatuwirang hakbang para matiyak na tama ang lahat ng materyal na nasa Website, hindi garantisado ang katumpakan.

4. Mga Link. Puwedeng maglamán ang Website ng mga hypertext link ng ibang website na ganap na hiwalay sa Website. Wala kaming pananagutan pagdating sa pagiging tumpak, kumpleto, o authentic ng impormasyong nasa anumang website na na-access sa pamamagitan ng naturang link. Ang pagkakaroon ng link ng website ng ibang entity ay hindi dapat ipagpalagay na endorsement namin sa website, mga produkto, o mga serbisyo ng naturang entity.

5. Para Lang sa Pagbibigay ng Impormasyon. Ang lahat ng content na nasa Website ay para lang sa pagbibigay ng impormasyon at wala ito ginagawang anumang fiduciary na ugnayan sa pagitan natin; dapat kang humingi ng naaangkop na payo sa buwis,

payong pinansyal, o payong legal kapag kinakailangan. Walang kahit na anong content sa Website ang dapat ipagpalagay na pag-aalok na bumili o magbenta ng mga sasakyan, o ipagpalagay na alok para sa direktang loan o lease. Ang lahat ng pinansyal na programa at programa sa insurance na nakasaad sa Website ay available lang sa mga kuwalipikadong aplikante sa pamamagitan namin at mga kasaling dealer. Puwedeng mabago o wakasan ang lahat ng programa anumang oras. Ikaw at ang dealer mo ang magtatakda ng mga pinal na tuntunin ng pagbili o pag-lease.

6. Copyright. Protektado ng copyright ang mga impormasyong nasa Website at hindi puwedeng i-reproduce nang wala ang nakasulat naming pahintulot.

7. Mga Pagbabago sa Aming Mga Online na Tuntunin ng Paggamit. Alinsunod sa pahintulot ng batas, puwede naming baguhin ang Mga Online na Tuntunin ng Paggamit na ito at puwede kaming magbigay ng abiso sa pamamagitan ng pag-post ng nirebisang patakaran sa site na ito. Ang patuloy mong paggamit sa Website na ito pagkatapos mag-post ng nirebisang Mga Online na Tuntunin ng Paggamit ay nangangahulugang pagtanggap mo sa nirebisang Mga Online na Tuntunin ng Paggamit.

8. Mga Tanong, Komento, o Alalahanin Kung mayroon kang anumang tanong, komento, o alalahanin tungkol sa Website, sa aming mga produkto at serbisyo, o sa iyong Account ayon sa nakasaad sa Online na Kasunduan sa Mga Serbisyo ng Account, sumangguni sa seksyong Makipag-ugnayan sa Amin para sa naaangkop na impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Chinese, [mag-click dito](#).

Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Spanish (Mexico), [mag-click dito](#).

Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Spanish (Puerto Rico), [mag-click dito](#).

Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Korean, [mag-click dito](#).

Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Vietnamese, [mag-click dito](#).

Para tingnan ang Online na Patakaran sa Privacy sa Tagalog, [mag-click dito](#).